The Mindanao Forum, Vol XV1, No. 2 (December 2001)

# Ang Poklor ng Kabasalan, Zamboanga Del Sur

VANESSA QUIRANTE
ROWENA RAMIREZ
NERISSA L. HUFANA

***Abstrak***

*Ang pokus ng papel na ito ay ang poklor ng Kabasalan, Zamboanga del Sur. Kabilang dito ang mga Kuwentong Bayan, Awiting Bayan at Karunungang Bayan.*

Ang panitikan ay may lakas na nakapagbabago sa pag-unlad ng lipunan at kabihasnan. Ang panitikan ay liwanag na walang pagmamaliw. Mamamatay lamang ito kung wala nang wika sa daigdig at ang mga tao'y hindi na makapagpapahayag ng kanilang damdamin at isipan. Ang panitikan ang nag-iingat ng mga isipan, damdamin, panaginip, hangarin at diwa ng mga mamamayan.

Sa hangarin ng mga mananaliksik na mapayaman ang mga panitikan sa ating bansa pinag-aralan nila ang poklor sa Kabasalan, Zamboanga del Sur na nasa liblib na pook ng Pilipinas. Dahil naniniwala sila na maraming nakatagong kuwento sa pook na iyon hinangad nilang tuklasin iyon.

Ang pag-aaral na ito ay pinamamagatang "Ang Poklor ng Kabasalan, Zamboanga del Sur mula sa mga Baranggay ng Kabasalan, Zamboanga del Sur.

Upang matamo ito, sinikap na sagutin ang mga sumusunod na mga katanungan:

1. Anu-ano ang mga oral na panitikan o poklor na hanggang

---

Si VANESSA I. QUIRANTE, Bachelor of Arts in Filipino, ay kasalukuyang nag-aaral ng MA Filipino, MSU- Iligan Institute of Technology; ROWENA P. RAMIREZ, Bachelor of Arts in Filipino, MSU-Iligan Institute of Technology

ngayo'y pinaniniwalaan sa bayan ng Kabasalan?
2. Anu-ano ang uri o klasipikasyon ng mga oral na panitikan o poklor na ito sa Kabasalan, Zamboanga del Sur?
3. Anu-ano ang mga halimbawa ng bawat uri o klasipikasyon ng mga oral na panitikang ito sa Kabasalan, Zamboanga del Sur?

Gumamit ng deskriptibong pamamaraan sa pag-aaral na ito. Ang pagkuha ng impormasyon ay sa pamamagitan ng personal na pag-interbyu sa mga taong naninirahan sa lugar ng pag-aaral na ito.

Sa pag-interbyu sa mga impormante may mga kraytiryang sinunod:

1. Mga matatandang alam na alam ang poklor ng Kabasalan, Zamboanga del Sur.
2. Naninirahan at katutubo ng Kabasalan, Zamboanga del Sur.
3. Mga katutubo ng Kabasalan, Zamboanga del Sur na naninirahan sa iba't ibang bahagi ng Mindanao.

Nakakuha rin ang mga mananaliksik ng mga impormante na nakatira dito sa Iligan City. Sila'y tubo ng Kabasalan, Zamboanga del Sur kaya kinuha na rin ng mga mananaliksik bilang mga karagdagang impormante.

Pumunta nang dalawang beses ang mga mananaliksik sa Kabasalan, Zamboanga del Sur. Ang unang pagpunta ay noong Oktubre 14, 2001. Sinimulan ng mga mananaliksik ang pagkuha ng mga pamahiin kasali na ang kaligirang kasaysayan ng Kabasalan, Zamboanga del Sur at ilang mga kuwentong bayan. Ang pangalawang pagpunta ay noong Disyembre 15, 2001. Ang mga lugar na pinuntahan ng mga mananaliksik ay ang Baranggay Sarasay, Baranggay Cainglet, Baranggay Salipyasin, Baranggay F. L. Peña, Baranggay Sta. Cruz, Baranggay Lumbayao at Baranggay Goodyear. Pagkatapos na matipon ang mga datos, isinatitik ang mga ito at iniwasto ang mga may kamalian. Isinalin ng mga mananaliksik ang mga natipong datos maliban sa awitin at "balak" dahil masisira ang himig at indayog ng mga ito. Inuri sa tatlo ang mga natipong datos ayon sa klasipikasyon nito. Ito ay ang kuwentong bayan, awiting bayan at karunungang bayan. Gumawa ng pahapyaw na pagsusuri sa mga paniniwala at kaugalian ng mga taong naninirahan sa Kabasalan, Zamboanga del Sur at ang kahalagahan nito para sa kanilang kasalukuyang pamumuhay.

Mula sa naturang lugar, nalikom ng mga mananaliksik ang poklor ng Kabasalan, Zamboanga del Sur. Ito ang mga **Kuwentong Bayan** na binubuo ng alamat na etyolohikal at alamat na di-etyolohikal at anekdota. Ang mga **Awiting Bayan** ay binubuo ng awit at balak. Samantalang ang **Karunungang Bayan** naman

ay binubuo ng mga pamahiin, bugtong, kasabihan at palaisipan.

Batay sa pagsusuring ginawa ng mga mananaliksik mula sa mga natipong mga datos, natuklasan na ang mga sumusunod na kaugalian ay taglay ng mga taga-Kabasalan.

Mula sa mga **Kuwentong Bayan** ang mga sumusunod na katangian ay masasalamin: ang pagiging lasenggo, matulungin, palikero at matatakutin.

Mula sa mga **Awiting Bayan** makikita naman ang mga katangiang pagiging mapagmahal at higit sa lahat ang pagiging maka-Diyos ng mga taong naninirahan sa bayan ng Kabasalan.

Mula naman sa mga **Karunungang Bayan** nakasaad ang mga kaugaliang pagiging malambing, madisiplina, mapagmahal, mapamahiin at matalino.

Mahalaga sa mga taga-Kabasalan ang mga poklor na ito para sa kanilang kasalukuyang pamumuhay, dahil dito nila mababakas ang kanilang nakaraan na magiging gabay nila sa pagharap sa kasalukuyan at sa darating pang panahon. Ito ang nagsisilbing kanilang liwanag sa mga bagay na hindi nila lubusang nauunawaan. Ito rin ang nagsisilbing salamin para lalo nilang makikilala ang kanilang sarili at makikilala rin sila ng kanilang kapwa Filipino. Ang kanilang pagbubugtungan, pag-aawitan, pagkukuwentuhan at pagtula ay nagsisilbi ring kanilang libangan kaya sila ay masayahin at matiwasay na namumuhay.

Pagkatapos na malikom ang maraming halimbawa ng poklor ng Kabasalan, Zamboanga del Sur, ang mga ito ay inuri sa tatlo: ang Kuwentong Bayan, Awiting Bayan at Karunungang bayan. Sa ilalim ng Kuwentong bayan ay ang alamat na etyolohikal at alamat na di-etyolohikal, at ang anekdota. Ang mga Awiting Bayan naman ay ang oyayi, kundiman, awit sa pagbibinyag at awit panrelihiyon. Ang kanilang Karunungang Bayan ay ang mga bugtong, palaisipan, pamahiin at kasabihan.

Ang Kabasalan, Zamboanga del Sur ay mayaman sa poklor. Bawat klasipikasyon ng poklor pati na ang bawat uri sa klasipikasyon nito ay may mga halimbawang ipinakita na inilahad nang malinaw ng mga impormante. Nagpapatunay lamang na ang uri ng panitikang ito ay makikita at maririnig pa rin sa pook ng Kabasalan, Zamboanga del Sur. Batay sa kinalabasan ng pag-analisa sa mga datos, masasabing ang koleksiyon na ito ay dagdag na kontribusyon sa marami nang mga natipong poklor ng iba't ibang lipi sa Mindanao. Ang pag-aaral na ito ay nagpapatunay lamang na hindi lamang ang ibang grupo sa Pilipinas ang may sariling yaman ng isip kundi pati na rin ang Kabasalan, Zamboanga del Sur. Napatunayan din sa pag-aaral na ito na ang poklor ng isang lipi, kagaya ng Kabasalan, Zamboanga del Sur ay repleksyon o salamin ng kanilang kultura.

Batay sa mga natuklasan, iminumungkahi ng mga mananaliksik ang mga sumusunod:

1. Magkaroon pa ng pag-aaral tungkol sa poklor mula sa iba't ibang panig ng Pilipinas upang mapreserba ang mga ito at maisama sa pambansang kalipunan ng panitikan ng Pilipinas.
2. Mapalawak pa lalo ang saklaw ng pangangalap ng mga poklor lalo na sa iba't ibang panig ng Mindanao dahil sa iilan lamang ang nakaaalam nito sa Luzon at Visayas.
3. Maisaaklat ang nasaliksik nang poklor sa iba't ibang panig ng Mindanao upang mabasa at makilala ang mga ito sa buong kapuluan ng Pilipinas.
4. Maisama sa ating kurikulum sa hayskul lalo na sa kolehiyo ang pag-aaral ng poklor dahil ito ay tulay ng pagkilala sa bawat kultura ng iba't ibang pangkat sa Pilipinas.
5. Maaaring gawing batayan ang pag-aaral na ito ng sinumang magnanais na pag-aralan ang mga poklor lalung-lao na ang mga pinagmulan nito.

**Halimbawa ng mga Poklor**

ALAMAT NA ETYOLOHIKAL

Alamat ng Baranggay Sarasay

Noong unang panahon hindi ito pinangalanang Baranggay Sarasay. Ito ay isang Poblacion. Ngunit sa paglipas ng panahon unti-unting dumarami ang mga tao na naninirahan dito na may iba't ibang pag-uugali. Karamihan sa mga naninirahan dito ay mga lasenggong tao at pagkatapos ng kanilang pag-iinuman, pagiray-giray na silang naglalakad sa kalsada. Kung sino man ang dumaan sa kalsada ay hahamunin kaagad nila ng away at naghahanap sila ng gulo. Maging ang magkaka-pamilya ay nag-aaway at isinasama nila sa kanilang away ang kanilang mga kapitbahay. Hanggang sa dumami na ang mga barumbado at lasenggo sa lugar na iyon at ito ang dahilan kaya tinawag ito na Baranggay Sarasay.

ALAMAT NA DI-ETYOLOHIKAL

Relihiyosa

Mayroong isang guro na matandang dalaga na napakarelihiyosa. Minsan ay naabutan siya ng hatinggabi sa daan, dahil pumunta siya sa kanyang kaibigan na namatayan para sumama sa panalangin. Sa kanyang pag-uwi, napadaan siya sa bahay ng kanyang kapitbahay. Hinarang siya ng tarangkahan na kawayan sa daan. Nagdasal siya at pagkatapos niyang magdasal ay sinabi niya na "Kung sino man kayo huwag kayong magbibiro ng ganyan, hindi ko kayo ginugulo at ako'y dadaan lang". Pagkatapos niyang sabihin ito bumalik ang tarangkahang kawayan sa kanyang lugar at nakauwi nang maayos ang guro.

## Bibliograpi

Atienza, Obdula, Maria Ramos, at Lucila Salazar. 1989. **Panitikang Pilipino.** Manila: National Bookstore.

Bajo, Divina at Roselva Bontia. 1998. *Isang Panimulang Paglilikom ng Panitikang Oral ng Lala, Lanao del Norte.* MSU-IIT, Iligan City.

Denosta, Lomelyn, Joy Manabo at Brenda Arches. 2000. *Oral na Literatura ng Baliangao: Isang Panimulang Paglilikom.* MSU-IIT, Iligan City.

Eugenio, Damiana L. 1982. **Philippine Folk Literature.** Manila: Quezon City.

Lachica, Veneranda S. 1996. **Literaturang Filipino.** Manila National Bookstore.

Maramba, Asuncion D. 1971. **Early Philippine Literature.** Manila National Bookstore, Inc.

Pineda, Ponciano B. P. et al. 1979. **Panitikang Pilipino.** Manila National Bookstore.

Tumarao, Vicenta, Maritess Villaruz at Maribeth Paler. 1998. *Ang Poklor ng Baranggay Suarez.* MSU-IIT, Iligan City